Government of Western Australia
Department of Health

Translated: January 2026

# Hepatitis B

- **Ang Hepatitis B, na tinatawag ding 'hep B', ay isang virus na nagdudulot ng pamamaga ng atay.**
- **Ang hepatitis B virus ay pangunahing naipapasa sa pamamagitan ng kontak na dugo sa dugo, ngunit maaari ring maipasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik.**
- **Available ang bakuna laban sa hepatitis B.**

Ang Hepatitis ay nangangahulugang pamamaga ng atay. Maaari itong sanhi ng mga virus tulad ng hepatitis A, B, C, D, E at G, alkohol, ilang kemikal, o droga.

Ang Hepatitis ay ibang virus sa hepatitis A at hepatitis C.

Kung ikaw ay may hepatitis B at ikaw ay buntis, may panganib na mahawa ang iyong sanggol sa panganganak o pagkatapos nito.

Karamihan sa mga nasa hustong gulang ay tuluyang gumagaling sa hepatitis B at hindi na muling magkakaroon nito.

Ang ilang mga nasa hustong gulang at bata, at karamihan sa mga sanggol na may hepatitis B, ay magpapatuloy na magkaroon ng malalang (o panghabambuhay) impeksyon. Ang mga taong may malalang hepatitis B ay kadalasang hindi nakakaramdam ng sakit ngunit may virus sa kanilang dugo sa loob ng maraming taon. Ang mga taong may malalang hepatitis B ay maaaring magkaroon ng malulubhang sakit sa atay, kabilang ang pagpalya ng atay at kanser sa atay, 20 taon o higit pa pagkatapos unang magkaroon ng hepatitis B. Ang mga taong may chronic hepatitis B ay maaaring makahawa ng virus sa iba, kahit pakiramdam nila ay maayos at wala silang sintomas.

Sa Australia, napakaliit ng posibilidad na makakuha ka ng hepatitis B sa pamamagitan ng pagsasalin ng dugo o organ transplant.

Paano ka makakakuha ng hepatitis B?

Ang hepatitis B virus ay pangunahing naipapasa sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga nahawaang dugo at mga produkto ng dugo, ngunit maaari mo ring makuha ang virus mula sa iba pang mga likido sa katawan kabilang ang semilya at mga likido sa ari.

Ang mga taong may malalang hepatitis B ay maaaring maipasa ang sakit, kabilang ang mula sa ina patungo sa anak.

Maaari kang makakuha ng hepatitis B mula sa:

- pakikipagtalik sa ari, bibig o puwit sa isang taong may hepatitis B kung hindi ka gumagamit ng condom o dam (isang manipis na latex square na nakalagay sa ari o area ng puwit habang nag-o-oral sex)
- pagbabahagi ng mga karayom, hiringgilya at iba pang kagamitan sa pag-inject ng droga sa isang taong may hepatitis B
- kung ang iyong kabuhayan ay may kinalaman sa posibleng kontak sa dugo ng tao o mga likido sa katawan
- sining sa katawan, tulad ng pagpapa-tattoo o pagpapabutas ng balat, kapag ang kagamitan ay hindi isterilisado
- pagbabahagi ng mga personal na bagay na maaaring may bakas ng dugo sa mga ito, tulad ng mga pang-ahit, sipilyo at dental floss.

Ano ang mga palatandaan at sintomas?

Nasa kalahati ng mga nasa hustong gulang at karamihan sa mga batang may hepatitis B, ay walang anumang sintomas. Ang ilang mga tao ay nakakaramdam ng maayos sa loob ng ilang buwan bago magkaroon ng anumang sintomas.

Kabilang sa mga sintomas ang:

- lagnat
- matinding pagkapagod sa loob ng ilang linggo o buwan
- pagkawala ng gana sa pagkain
- pagduduwal (pakiramdam na may sakit) at pagsusuka
- pananakit ng kasukasuan
- naninilaw na mga mata o balat (jaundice).

Paano ko malalaman na mayroon akong hepatitis B?

Ang blood test ay makakapagsabi kung dati kang nagkaroon ng hepatitis B at kung ikaw ay may malalang impeksyon. Ang iba pang pagsusuri tulad ng Liver function test ay nakakatulong upang malaman ang pinsala sa atay.

Kumonsulta sa iyong doktor sa lalong madaling panahon kung sa tingin mo ay mayroon kang hepatitis B.

Paano ginagamot ang hepatitis B?

“Kung na-expose ka sa hepatitis B, magpatingin agad sa doktor upang malaman kung kailangan lang magpa-test o magpabakuna”

May mga available na paggamot para sa malalang hepatitis B na maaaring mabawasan ang paglala ng pinsala sa atay at pagkawala ng paggana ng atay. Ang mga taong may

malalang hepatitis B ay dapat na regular na masubaybayan (kada 6-12 buwan) ng kanilang GP para sa mga palatandaan at sintomas ng sakit sa atay.

Kung ikaw ay may hepatitis B

Kailangan mong makipagtulungan sa iyong doktor upang alagaan ang iyong sarili. Pumili ng doktor na komportable kang kausapin at may mahusay na kaalaman patungkol sa hepatitis B.

Mahalagang huwag maipasa ang hepatitis B sa ibang tao. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng:

- paggamit ng condom, water-based lubricant at mga dam sa mga bagong katalik, at sa mga kapareha na hindi pa immune
- pagtatakip sa lahat ng sugat gamit ang waterproof na benda
- maging maingat sa pagexpose ng iyong dugo o mga likido sa katawan sa ibang tao
- hindi pag-donate ng dugo, mga organ sa katawan o tisyu
- Siguraduhin ang pagamit ng sarili mong karayom, hiringgilya, isterilisadong tubig. Gumamit din ng sarili mong kutsara, mga pamunas, mga pansala at tourniquet.

Kailangan mong bawasan ang panganib na makakuha ng iba pang impeksyon sa atay, tulad ng hepatitis A at hepatitis C. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pagbabakuna laban sa hepatitis A.

Ang mga taong may malalang hepatitis B ay dapat umiwas sa pag inom ng alak

Ang mga taong may malalang hepatitis B ay dapat limitahan ang kanilang pag-inom ng alak alinsunod sa Australian Alcohol Guideline (external site) upang mabawasan ang panganib ng pinsala sa atay na may kaugnayan sa alkohol.

Paano maiiwasan ang hepatitis B?

May ilan pang simpleng paraan para protektahan ang iyong sarili laban sa hepatitis B at iba pang impeksyon:

- **Mag-ingat sa pakikipagtalik.** Gumamit ng condom o dam at lubricant. Tumataas ang panganib sa bilang ng mga karelasyon, anal sex at pakikipagtalik habang may regla ang isang babae.
- **Bago magpata-tattoo o magpa-body art.** Siguraduhing ang body artist ay gumagamit ng isterilisadong kagamitan, mga bagong pang-ahit, tinta at karayom sa bawat pagkakataon.
- **Huwag magbahagi ng mga personal na kagamitan** katulad ng pang ahit, suklay, nail brush at sipilyo.
- **Linisin at takpan agad ang anumang dumudugong sugat** at gasgas.
- **Magsuot ng guwantes at gumamit ng mga paper towel (o mga disposable cloth) kapag naglilinis ng mga tagas ng dugo.** Hugasan ang lugar gamit ang

tubig na may sabon, pagkatapos ay punasan ng pamabahay na bleach. Balutin ang mga tuwalya at guwantes sa isang plastic bag bago ilagay ang mga ito sa basurahan.

Mahalagang sundin ng mga healthcare worker ang mga hakbang sa infection control habang nagtatrabaho.

**Mayroon bang bakuna para sa hepatitis B?**

Oo, ang pagbabakuna laban sa hepatitis B ay ligtas at epektibo at nagbibigay ng pinakamahusay na proteksyon laban sa impeksyon ng hepatitis B.

Simula noong 2000, bawat sanggol na ipinanganak sa Australia ay kwalipikadong makatanggap ng libreng bakuna laban sa hepatitis B pagkapanganak at karagdagang dose sa edad na 2, 4, at 6 na buwan.

Ang mga karelasyon sa pakikipagtalik ng isang taong may malalang hepatitis B at mga taong nakatira kasama ng isang taong may malalang hepatitis B ay dapat magpasuri para sa hepatitis B. Kung hindi pa immune, dapat silang magpabakuna.

Inirerekomenda ang pagbabakuna laban sa Hepatitis B para sa mga nasa hustong gulang na:

- nag-i-inject ng droga
- nagpapa-tattoo o nagbubutas ng katawan
- gumagawa ng walang proteksyong vaginal, oral o anal sex sa mga kaswal na kapareha
- isang sex worker
- isang lalaking nakikipagtalik sa ibang lalaki
- may HIV o anumang iba pang malalang sakit na nagpapahina sa iyong immune system
- may malalang sakit sa atay (kabilang ang malalang hepatitis C)
- sumasailalim sa dialysis ng atay o may malubhang kapansanan sa paggana ng bato
- tumatanggap ng ilang produkto ng dugo (hal. mga taong may mga sakit sa pamumuo na tumatanggap ng mga concentrate ng produkto ng dugo, mga taong may paulit-ulit na pangangailangan sa pagsasalin ng dugo)
- tumatanggap ng solid organ o stem cell transplant
- dumadalo o nakatira sa isang residential care facility para sa mga taong may mga kapansanan sa pag-unlad
- isang bilanggo ng isang custodial institution (bilangguan)
- isang migrante mula sa isang bansang karaniwan ang hepatitis B

- naglalakbay sa mga bansang karaniwan ang hepatitis B (tanungin ang iyong doktor o espesyalista sa kalusugan sa paglalakbay)
- ay isang Aboriginal o Torres Strait Islander
- nagtatrabaho sa isang industriya na nagdudulot sa iyo ng kontak sa dugo o iba pang mga likido sa katawan
- isang health care worker.

Bago ka mabakunahan, maaaring kumuha ng pagsusuri sa dugo ang iyong GP o health worker upang makita kung ikaw ay immune na.

Sa WA, libre ang bakuna sa hepatitis B para sa ilang mga grupong may mataas na panganib – tanungin ang iyong provider ng bakuna.

Maaari mo ring tingnan ang:

- Iskedyul ng Pagbabakuna sa Bata sa WA
- Iskedyul ng Pagbabakuna sa Matanda sa WA.

Para sa mga taong nag-i-inject ng droga

Kung ang isang tao ay gumagamit ng kagamitan sa pag-iiniksyon na ginamit na ng isang taong may hepatitis B, may posibilidad na magkaroon sila ng hepatitis B. Ito ay dahil ang mga karayom, hiringgilya, o iba pang kagamitan sa pag-iiniksyon ay maaaring may dugo, kahit na hindi mo ito nakikita. Ang dugong iyon ay maaaring magdala ng hepatitis B.

Upang maiwasan ang pagkakaroon ng hepatitis B, gumamit ng freshie sa bawat oras na mag-iiniksyon ka ng gamot.

Huwag kailanman magbahagi ng mga karayom at hiringgilya, kahit na sa mga kaibigan o pamilya. Gumamit din ng sarili mong kutsara, mga pamunas, mga pansala, isterilisadong tubig, at mga tourniquet.

Makakakuha ka ng mga freshie mula sa mga programa ng karayom at hiringgilya o needle and syringe programs (NSP). Gamitin ang mapa sa ibaba upang mahanap ang pinakamalapit na NSP sa iyo. Karamihan sa mga botika ay nagbebenta ng mga fit pack, ngunit maraming iba pang mga lugar kung saan makakakuha ka ng mga bagong karayom at hiringgilya nang libre.

Ang mga taong nag-iiniksyon ng gamot ay nasa panganib din na magkaroon ng hepatitis C o HIV kung magbahagi sila ng kagamitan sa pag-iiniksyon.

Mahalagang maingat na itapon ang mga karayom at hiringgilya. Alamin ang higit pa tungkol sa ligtas na pagtatapon ng mga karayom at hiringgilya.

**Isinalin na impormasyon tungkol sa hepatitis B**

- Bisitahin ang all good (external site).

**Saan makakahingi ng tulong**

- Kumonsulta sa iyong doktor.
- Tawagan ang Hepatitis WA Helpline (08) 9328 8538 para sa mga tumatawag sa metropolitan area o 1800 800 070 para sa mga tumatawag sa country area.
- Tawagan ang Sexual Health Helpline (08) 9227 6178 para sa mga tumatawag sa metropolitan area o 1800 198 205 para sa mga tumatawag sa country area.
- Tawagan ang *healthdirect* sa 1800 022 222.
- Tawagan ang Central Immunisation Clinic sa (08) 9321 1312.
- Kontakin ang iyong lokal na Population Health Unit, community nurse o health worker.

**This document can be made available in alternative formats on request for a person with disability.**

© Department of Health 2025

Copyright to this material is vested in the State of Western Australia unless otherwise indicated. Apart from any fair dealing for the purposes of private study, research, criticism or review, as permitted under the provisions of the Copyright Act 1968, no part may be reproduced or re-used for any purposes whatsoever without written permission of the State of Western Australia.